REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Pangalawang Kalihim***
***Office of the Undersecretary***

Telefax: 631-84-92
Direct Line: 633-72-03
Trunk Line: 632-13-61 locals 2006 / 2105
E-Mail Address: asecrcb@I-next.net
Website: http://www.deped.gov.ph

OCT 07 2003

DepED MEMORANDUM
No. 398 s. 2003

DISSEMINATION OF A LETTER FROM THE OFFICE OF THE PRESIDENT

To: Undersecretaries
Assistant Secretaries
Bureau Directors
Directors of Services, Centers and Heads of Units
Regional Directors
Schools Division/City Superintendents

1. For the information and guidance of all concerned, enclosed is a copy of a letter from the Office of the President dated September 18, 2003 re the Civil Service Awardees in connection with the Civil Service Month for this year.

2. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

RAMON C. BACANI
Undersecretary
Officer-In-Charge

Maricar/dm-ltrfrom malacañang
10-01-03

Encl.:
As stated

Reference:
None

Allotment: 1- -(D.O. 50-97)

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

BUREAUS & OFFICES
EMPLOYEES
OFFICIALS
TEACHERS

DEPARTMENT OF EDUCATION
OFFICE OF THE SECRETARY
RECEIVED
9-18-03
By: ... Time: ...
Doc. #: OSEC-20846

# Office of the President
## of the Philippines
### Malacañang

Ika-18 ng Setyembre, 2003

Minamahal Kong Lingkod ng Bayan,

Isang maalab na pagbati sa iyo!

Kaninang umaga, habang ako ay papalabas ng Malakanyang patungo sa isang pulong, napansin ko ang mga empleyado ng Tanggapan ng Pangulo na nagmamadali sa kanilang pagpasok sa opisina, samantalang may mga iba naman na abala sa paglilinis ng paligid ng palasyo. Sa tagpong ito, napagnilay-nilay ko ang kadakilaan ng mga kawani ng pamahalaan. Kaya't nagpasya akong ipa-abot ang aking taos-pusong pasasalamat at pagpupugay sa matapat na paglilingkod ng mga kawani ng pamahalaan sa ating mga mamamayan.

Nais kong ipa-abot sa iyo ang aking kagalakan sa masipag mong pagtupad sa iyong tungkulin at sa iyong patuloy na tiwala sa ating pamahalaan. Bilang kapwa mo tagapaglingkod, ako man ay nagsusumikap din upang lalong patatagin ang ating demokrasya tungo sa kaunlaran ng ating bansa.

Bahagi ng layuning iyan ang mga ipinatutupad nating reporma para sugpuin ang katiwalian sa pamahalaan, maging tapat sa kanilang tungkulin ang mga sundalo at mga pulis, gawing maliwanag sa taumbayan ang pamamalakad ng gobyerno, at siguruhing makabago at malinis ang halalan sa 2004.

Subalit ang mga repormang ito ay magiging makabuluhan lamang kung susuportahan mo at ng iba pa nating mga kasama. Sa ating pagiging kawani ng pamahalaan, may sinumpaan tayong tungkulin na pagsisilbihan natin ang bayan sa abot ng ating makakaya. Dapat nating isaalang-alang sa bawat oras na tayo ay nasa mahalagang katayuan upang mapabuti ang kalagayan sa buhay ng ating mga kababayan.

Isang magandang halimbawa ay si Cheryll Apalisoc, *State Auditor* II ng *Commission on Audit*. Walang takot niyang ibinunyag ang natuklasan niyang maling paniningil sa *Purchased Power Adjustment (PPA)* sa kabila ng pananakot at panunuhol ng mga sangkot sa anomalya.

Hindi naman naging hadlang ang pagiging *Utility Worker* ni Abdurazad Daung ng *Philippine Coconut Authority (PCA)* sa Zamboanga City upang ipaalam niya sa mga tao ang kanilang mga programa at proyekto. Bukod dito gumaganap din siya bilang *security guard, driver, plumber, electrician* at *messenger* ng kanyang opisina nang walang hinihinging dagdag na pasahod.

Si Bernardo Navarette naman, *driver* ng *Philippine Postal Corporation*, ay nakuhang kumpunihin sa oras ng pahinga ang isang lumang kagamitan ng kanyang tanggapan na nagdulot ng pagtitipid ng P50,000 sa Philpost.

Silang tatlo ay kikilalanin bilang Dangal ng Bayan Awardees kaalinsabay ng pagdiriwang ng *Civil Service Month* sa taong ito.

May mga iba namang kawani na nakapag-isip din ng mga paraan upang mapag-ibayo ang serbisyo ng kanilang Tanggapan.

Si Fortunato Bulao ng *National Food Authority* sa Lingayen, Pangasinan, ay naka imbento ng *insect trap* na nakabawas sa pagkasira ng mga nakaimbak na butil sa bodega kung kaya't nakakapagtipid tayo nang umaabot sa P1.9 *million* bawat taon.

Si Flordeliza Mayari, *Assistant Schools Division Superintendent* ng DepEd sa Marikina, ay nagtaguyod ng mga programang agham sa telebisyon at radyo, mga *science fairs* at *search for young scientists* upang i angat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa agham.

Kabilang sina Fortunato at Flordeliza sa mga tatanggap ng Lingkod Bayan Award ngayong taon.

Kagaya nila, ikaw man ay may kakayahang bigyang dangal ang iyong gawain. Maaaring isipin mo na ikaw ay isang hamak na empleyado lamang, nguni't ang matapat mong pagtupad sa iyong tungkulin ay mahalagang kontribusyon tungo sa katuparan ng ating pambansang adhikain. Bawa't mahusay mong pagkilos habang nasa serbisyo publiko ay katumbas ng isang bato na lalong magpapatibay sa itinatayo nating matatag na Republika.

Mabuhay ka! Mabuhay ang Pilipinas!

Sumasainyo,

GLORIA MACAPAGAL-ARROYO
Pangulo ng Pilipinas